# Ano ang Iyong Maaasahan kapag Ikaw ay Nagpunta sa Iyong Pharmacy

Ang Pharmacists at Pharmacy Technicians sa BC ay mga lisensyadong propesyonal sa kalusugan at tungkulin nilang magbigay ng ligtas na pharmacy care sa isang etikal na paraang pantay-pantay at ligtas sa kultura ng lahat nang matulungan ang mga tao na makuha ang kanilang ninanais na resulta sa kanilang kalusugan.



## Tatanggap ka ng Pangangalagang Ligtas sa Kultura at Inklusibo

Ang iyong pharmacy team ay magbibigay ng walang-kinikilingang pangangalaga na walang pagtatangi at diskriminasyon sa anumang batayan; bibigyang-galang nila ang mga pangangailangan ng Indigenous, Black, people of colour, 2S/LGBTQINA+ at iba pang mga komunidad.



## Ang Iyong Gamot ay Tama Para sa Iyo

Maglalaan ng panahon ang iyong pharmacy team upang i-check ang iyong health records; sisiguraduhin nila na ang iyong mga gamot ay ligtas, naaangkop, at may malinaw na label.



## Kakausapin ka ng Iyong Pharmacist Tungkol sa Iyong Gamot

Maglalaan ng panahon ang iyong pharmacist para tulungan kang maunawaan ang iyong gamot at malaman kung paano ito iinumin o gagamitin. Sasagutin din niya ang anumang mga katanungang mayroon ka.



## Binibigyang-galang ang Iyong Pagka-Pribado

Tatanggap ka ng pangangalaga sa isang lugar kung saan ka komportable.



## Ang iyong Health Records ay Tama at Protektado

Proprotektahan ng iyong pharmacy team ang iyong health records at rekord ng iyong mga gamot, at sisiguraduhin nila na ang mga ito ay tama, up-to-date, at protektado para sila'y hindi  mawala, manakaw, o magamit sa maling paraan.


College of Pharmacists of British Columbia

**Binibigyang-regulasyon ang mga pharmacy at mga propesyonal sa pharmacy para sa kabutihan ng publiko.**

Mayroon bang mga tanong o mga alalahanin?
Sabihin lamang sa amin.
Complaints@bcpharmacists.org
604-773-2440 o  800-663-1940

200-1765 West 8th Ave.
Vancouver, BC V6J 5C6


Ang icons ay dinisenyo ni Bayja Morgan-Banke mula sa Toquaht, Nuu-chah-nulth, at Secwepemc (Shuswap) Nation.